Faith like *no* other

# Si Noah at ang Baha

WEEK 1

## WARM-UP

- Naatasan ka na bang gumawa ng isang bagay na tila imposible? Paano ka tumugon?
- Kapag binigyan ka ng mga instruksiyon, sinusunod mo ba kaagad ang mga ito o naglalaan ka muna ng oras para maintindihan ang mga ito?
- Nasita ka na ba dahil may ginawa kang bagay na hindi karaniwang ginagawa? Ano ang nangyari?

## WORD

*. . . 6nanghinayang siya kung bakit ginawa pa niya ang tao sa mundo. Labis ang kalungkutan niya . . . 8Pero may isang tao na nakapagbigay-lugod sa PANGINOON, siya ay si Noe. 9Ito ang salaysay tungkol sa pamilya ni Noe. Si Noe ay makadiyos. Siya lang ang namumuhay na matuwid sa kapanahunan niya, at malapit ang kanyang relasyon sa Diyos.* **GENESIS 6:6, 8–9**

(Basahin din ang **GENESIS 6.**)

Nang likhain ng Diyos ang mga tao, ginawa Niya sila ayon sa Kanyang imahe, pinagpala Niya sila, at inatasan silang *magpakarami*, ipakalat ang kanilang mga lahi at *mamahala sa buong mundo* (Genesis 1:28). Ngunit dahil sa pagsuway nina Adan at Eva, dumating ang kasalanan sa mundo at nahawa ang lahat ng tao. Kalaunan, pinili ng mga tao na magrebelde sa Diyos at naging masama ang kanilang pamumuhay. Napakasama ng mga ginagawa nila kung kaya’t nadurog ang puso ng Diyos at nanghinayang Siya na ginawa pa Niya ang sangkatauhan. Nagpasya ang Diyos na magpadala ng baha upang lipulin ang Kanyang nilikha. Ngunit may isang taong naiiba, sumusunod sa Diyos kahit na hindi ito ang ginagawa ng ibang mga tao. Ngayong araw, tingnan at pag-aralan natin ang kwento ng pananampalataya ni Noe. Pumunta siya sa ibang lugar at sinunod pa rin ang utos na gumawa ng barko na humantong sa kaligtasan ng kanyang pamilya at ng iba pang nilikha.

## 1 Mamuhay kasama ang Diyos, kahit na ito ay kontra sa kultura.

*[8]Pero may isang tao na nakapagbigay-lugod sa PANGINOON, siya ay si Noe. [9]Ito ang salaysay tungkol sa pamilya ni Noe. Si Noe ay makadiyos. Siya lang ang namumuhay na matuwid sa kapanahunan niya, at malapit ang kanyang relasyon sa Diyos.*

**GENESIS 6:8–9**

Sa kabila ng katiwalian sa paligid niya, si Noe ay tapat sa Diyos, *makadiyos* at *matuwid sa kapanahunan niya*. Noong pinili ng mga tao na magkasala, si Noe ay determinadong sumunod sa Diyos. Sa katunayan, si Noe ay inilarawan bilang isang mangangaral ng matuwid na pamumuhay (2 Pedro 2:4–6). Hindi siya nag-iisa dahil pinalaki niya ang kanyang pamilya sa mga pamamaraan ng Diyos. Kahit ngayon, tinatawag tayo ng Diyos na italaga ang ating sarili at mamuhay na kasama Niya sa katuwiran, kahit na kontra ito sa kultura. Balikan ang isang pagkakataon na gumawa ka ng isang bagay na hindi karaniwan upang sundin ang Diyos. Anong nangyari?

........................................

........................................

........................................

........................................

## 2 Sundin ang lahat ng utos ng Diyos, kahit na parang hindi ito makatwiran.

*Sinunod ni Noe ang lahat ng iniutos ng Diyos sa kanya.*

**GENESIS 6:22**

Dahil napansin ng Diyos si Noe, nakatanggap siya mula sa Diyos ng babala na darating ang baha at inutusan siyang gumawa ng barko para protektahan siya at ang kanyang pamilya, kasama ang lahat ng uri ng hayop. Mukha itong imposible at hindi makatwiran. Ito ang unang pagkakataong may gagawa ng isang barko, at hindi sinabi ng Diyos kung kailan darating ang baha. Ngunit ginawa ni Noe *ang lahat ng iniutos ng Diyos sa kanya*, at sinunod ang mga tiyak na sukat at materyales na gagamitin. Minsan, naiisip natin na ang salita ng Diyos at ang Kanyang mga utos ay parang walang kabuluhan, ngunit ang Kanyang salita ay napapatunayan na

totoo. Bilang Kanyang mga mamamayan, tumutugon tayo nang may hindi natitinag na pananampalataya at pagsunod, kahit na hindi natin lubos na nauunawaan. Ano ang isang bagay na pinaniniwalaan mong ipinapagawa sa iyo ng Diyos na sa umpisa ay parang hindi makatwiran, ngunit naging maayos sa huli?

## 3 Naaalala ng Diyos ang Kanyang mga mamamayan, maging sa gitna ng paghatol.

*Hindi kinalimutan ng Diyos si Noe at ang mga kasama niyang hayop sa loob ng barko. Kaya pinaihip niya ang hangin sa mundo at dahan-dahang bumaba ang tubig.* **GENESIS 8:1**

Ilang taon matapos makipag-usap ng Diyos kay Noe, nakumpleto ang barko at dumating din sa wakas ang baha. Ang lahat ng may buhay ay nalipol, maliban kay Noe at sa mga nasa barko. Bagama't tumagal ng ilang buwan ang baha, naalala ng Diyos si Noe at pinababa Niya ang tubig. Si Noe, ang kanyang pamilya, at ang mga hayop na kasama nila ay nakabalik nang ligtas sa lupa. Nagtayo siya ng isang altar para sa Panginoon, at ang Diyos ay nagtatag ng isang bagong kasunduan sa kanya. Nagbigay ang Diyos ng isang tanda—isang bahaghari—bilang isang pangako na hindi na Niya susumpain at hahagupiting muli ang lupa (Genesis 8:21–22). Sa pamamagitan ng radikal na pananampalataya ni Noe, iniligtas ng Diyos ang sangkatauhan at lahat ng uri ng buhay na bagay sa lupa. Paano ka pinakitaan ng Diyos ng katapatan at ginabayan sa mga mahihirap na sitwasyon? Paano Niya ipinakita sa iyo na naaalala ka Niya?

## APPLICATION

- Naniniwala ka ba na tinawag ka ng Diyos para gawin ang isang bagay na tila hindi makatwiran? Paano ka matututong mas magtiwala at sumunod sa Diyos sa bahaging ito?
- Paano ka tumutugon sa mga taong nagdududa sa iyong pananampalataya o iba ang pagtrato sa iyo dahil dito? Ano ang ilang praktikal na paraang magagawa mo ngayong linggo para maipakita sa kanila ang pagmamahal ng Diyos?
- Paano mo mahihikayat ang mga tao na lumago sa kanilang pananampalataya at pagsunod sa Diyos, at magtiwala sa Kanya sa lahat ng bagay?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa Kanyang katapatan sa mga namumuhay nang kasama Siya at naniniwala sa Kanya, tulad ni Noe. Pasalamatan Siya sa pag-alala at pagtupad sa Kanyang mga pangako ayon sa Kanyang salita.
- Hilingin sa Diyos ang mas malalim na antas ng pananampalataya upang sundin ang Kanyang mga pamamaraan, kahit pa mukha itong imposible o hindi makatwiran. Ipagdasal na matuto kang mas magtiwala sa Diyos kaysa sa mga nauuso, naiuulat, at opinyon.
- Ipagdasal na gamitin ng Diyos ang buhay mo bilang isang patotoo upang matulungan ang iba sa pamumuhay nila nang may pananampalataya. Ipanalangin na makita ang liwanag ng Diyos sa pamamagitan mo upang makita ng iba ang Kanyang katangian at katapatan.

VICTORY
Honor God. Make Disciples.

© 2024 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Josh Hernandez

victory.org.ph

I-scan ang QR code para makita ang iba pang babasahing may kaugnayan sa paksa.